

## **Vigilia ng Pasko ng Muling Pagkabuhay sa Banal na Gabi**

Gen 1:1–2:2; Ex 14:15–15:1; Ezek 36:16–28; Rom 6:3–11; Mt 28:1–10

### **Panimula 1: “Mula sa Kadiliman patungong Galilea”**

May isang lalaking muling bumalik sa kanyang kinalakihan bayan. Hindi naging ayon sa kanyang inaasahan ang buhay—nawasak ang kanyang mga pangarap, nasira ang kanyang mga ugnayan, at tila nawala ang kanyang pag-asa. Isang gabi, naglakad siya papunta sa maliit na lawa kung saan natuto siyang mangisda kasama ang kanyang ama noong siya’y bata pa. Nasasalamin ng tubig ang papalubog na kalangitan. Ang mga tambo ay marahang umiindayog gaya ng dati. At naalala niya ang tinig ng kanyang ama: “Huwag kang matakot magsimulang muli.”

Walang nagbago sa kanyang panlabas. Nananatili ang kanyang mga utang. Hindi nabura ang kanyang nakaraan. Ngunit may nagbago sa kanyang kalooban. Nagbalik ang pag-asa. Minsan, upang makapagpatuloy, kailangan nating bumalik sa kung saan nagsimula ang lahat.

Maraming taon ang lumipas, isang malakas na bagyo ang tumama sa isang maliit na baybaying bayan. Nawalan ng kuryente. Nabuwal ang mga puno. Ang lahat ng sulok ay binalot ng kadiliman. Sa isang bahay, nagsindi ang isang lola ng iisang kandila at inilagay ito sa bintana. Nakita iyon ng kanyang kapitbahay at nagsindi rin ito ng sarili niyang kandila. Maya-maya, isa-isa, nagliwanag ang mga bahay sa kahabaan ng kalye. Nagpatuloy man ang bagyo, ngunit hindi na lubos ang dilim. Ang isang maliit na apoy ay nagbigay-lakas ng loob sa marami.

Ngayong gabi, nagsimula tayo sa kadiliman. Sinindihan natin ang apoy ng Pasko ng Pagkabuhay, pagkatapos ang Kandilang Paskwal, at mula rito, ang ating mga kandila. Unti-unting kumalat ang liwanag, naihayag ang kagandahan ng Simbahan at ang pag-asang nagmumula kay Kristo. Tulad ng lalaki sa lawa at ng lolang may kandila, pinaaalalahanan tayo na ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa nakaraan—ito ay tungkol sa kasalukuyan, sa buhay na Kristo na sumasalubong sa atin kung nasaan tayo: sa ating mga takot, dalamhati, at sa pangkaraniwang sandali ng buhay.

Sinabi ng anghel sa mga kababaihan sa libingan: “Wala siya rito. Siya’y muling nabuhay. Pumunta kayo sa Galilea. Doon ninyo Siya makikita.” Ang Galilea ang lugar kung saan nagsimula ang kanilang buhay, kung saan unang umusbong ang

pagmamahal, kung saan buhay ang pananampalataya. At ngayong gabi, inaanyayahan tayong hindi lamang bumalik sa ating pinagmulan, kundi maging Galilea din para sa mundo—na hayaang magliwanag sa atin ang liwanag ni Kristo, upang akayin ang iba mula sa kadiliman tungo sa pag-asa.



### **Pangalawang Panimula: “Pagbabalik sa Galilea”**

May isang lalaking muling bumalik sa bayang kanyang kinalakihan—isang lugar na puno ng alaala, parehong masaya at masakit. Hindi naging ayon sa kanyang inaasahan ang buhay—nawasak ang mga pangarap, nasira ang mga ugnayan, at naglaho ang pag-asa. Isang gabi, naglakad siya patungo sa dating lawa kung saan, noong siya’y bata pa, natuto siyang mangisda. Nasasalamín ng tubig ang papalubog na kalangitan. Ang mga tambo ay marahang umiindayog gaya ng dati. At bigla niyang naalala ang tinig ng kanyang ama: “Huwag kang matakot magsimulang muli.”

Walang nagbago sa kanyang panlabas, ngunit may nagbago sa kanyang kalooban. Nagbalik ang pag-asa. Napagtanto niya na kung minsan, kailangan nating bumalik sa pinagmulan ng lahat upang makapagpatuloy.

Ngayong gabi, ipinapabalik ng anghel ang mga kababaihan sa kanilang Galilea—hindi lamang isang lugar sa mapa, kundi ang lugar ng mga simula, ng pananampalataya, at ng unang pag-ibig. “Pumunta kayo sa Galilea. Doon ninyo Siya makikita.” Ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa pagtingin sa isang walang lamang libingan—ito ay tungkol sa paghahanap sa buhay na Kristo sa mga lugar at sandali kung saan unang umusbong ang buhay sa ating mga puso.



### **Pangatlong Panimula “Ang Kandila sa Gitna ng Bagyo”**

Maraming taon na ang nakalilipas, isang maliit na baybaying bayan ang tinamaan ng isang malakas na bagyo. Nawalan ito ng kuryente, nabuwal ang mga puno, at ang buong bayan ay binalot ng kadiliman. Sa isang bahay, nagsindi ang isang lola ng iisang kandila at inilagay ito sa bintana. Nakita ito ng kanyang kapitbahay at nagsindi rin ito ng sariling kandila. Di naglaon, isa-isa, nagliwanag ang mga bahay sa kahabaan ng kalye. Patuloy man ang bagyo, hindi na lubos ang dilim. Ang isang maliit na apoy ay nagbigay-lakas ng loob sa marami.

Ngayong gabi, nagsimula tayo sa kadiliman. Sinindihan natin ang apoy ng Pasko ng Pagkabuhay. Tinagos ng Kandilang Paskwal ang dilim, at ang liwanag ay kumalat mula sa isang kandila patungo sa iba. Ang liwanag na iyon ay si Kristo—nagliliwanag hindi lamang sa kasaysayan, kundi sa ating mga puso, sa ating mga tahanan, at sa mundong ating ginagalawan.

Kung paanong ang mga kababaihan sa libingan ay nagmula sa dalamhati tungo sa pagkamangha, inaanyayahan din tayong hayaang baguhin ng liwanag na ito ang ating buhay. Nauuna sa atin ang Muling Nabuhay na Panginoon, tinatanglawan ang landas mula sa kawalan ng pag-asa tungo sa pag-asa, mula sa kamatayan tungo sa buhay, mula sa libingan patungong Galilea.

### **Homiliya 1: Mt 28:1–10 – “Pumunta sa Galilea”**

May isang lalaking muling bumalik sa kanyang bayang kinalakihan matapos ang maraming taon ng paglayo. Gumuho ang kanyang buhay—nabigo ang negosyo, nasira ang mga ugnayan, at siya’y lubhang nabigo. Para bang ang lahat ng kanyang pinaghirapan ay naging abo sa kanyang mga kamay. Isang gabi, halos hindi niya alam kung bakit, naglakad siya papunta sa maliit na lawa kung saan, noong siya’y bata pa, natuto siyang mangisda kasama ang kanyang ama.

Hindi gaanong nagbago ang lugar. Nasasalamin pa rin ng tubig ang kalangitan sa dapithapon. Ang mga tambo ay sumasabay pa rin sa ihip ng hangin gaya ng dati. At habang siya’y nakatayo roon, bigla niyang naalala ang tinig ng kanyang ama: “Huwag kang matakot sumubok muli.”

Walang nagbago sa panlabas sa sandaling iyon. Hindi nawala ang kanyang mga utang. Hindi nabura ang kanyang nakaraan. Ngunit may nagbago sa kanyang kalooban. Nagbalik ang pag-asa. Kalaunan ay sasabihin niya, “Ang pagbabalik ko roon ang nagligtas sa aking buhay.”

Ngayong gabi, ipinapabalik ng anghel ang mga kababaihan—hindi lamang sa pisikal na lugar, kundi sa espirituwal—sa kanilang “lawa,” sa kanilang pinagmulan. “Pumunta kayo sa Galilea. Doon ninyo Siya makikita.”

At sa payak na utos na iyon nakapaloob ang buong hiwaga ng Pasko ng Pagkabuhay. Ang muling pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa nangyari kay Hesus. Ito ay tungkol sa kung saan tayo dapat pumunta upang Siya’y muling matagpuang buhay.

### **Ang Daan Patungo sa Libingan**

Dalawang babae—kapwa nagngangalang Maria—ang naglalakad patungo sa isang libingan.

May dala silang mga pabango.

May dala silang dalamhati.

May dala silang mga wasak na pag-asa.

Ang huling nakita nila ay isang batong itinakip sa libingan.

Sila ay naglalakad sa pinakapamilyar na daan sa kasaysayan ng tao: ang daan patungo sa libingan.

Kilala natin ang daang iyon.

Nilalakaran natin ito kapag tayo’y nakatayo sa tabi ng kabaong.

Nilalakaran natin ito kapag may namatay na relasyon.

Nilalakaran natin ito kapag may isang pagtukoy sa karamdaman na nagbabago ng lahat.

Nilalakaran natin ito kapag pinagtaksilan ang ating tiwala.

Nilalakaran natin ito kapag ang pag-asa ay gumuho.

Nilalakaran natin ang daang iyon kapag nakikita natin ang karahasan, kalupitan, at kawalang-katarungan sa balita at nagtataka tayo kung sapat pa ba ang kabutihan upang ito’y magpatuloy.

Sa mas malalim na kahulugan, ang ating buong buhay sa mundo ay maaaring maramdaman na parang mahabang daan patungo sa libingan—at isang araw, may magdadala sa atin sa huling bahagi ng ating paglalakbay.

Hindi inaasahan ng mga babae ang muling pagkabuhay. Ang inaasahan nila ay pagkabulok. Pupunuin nila ang tinangkang simulan ng kamatayan.

At bigla—sumingit ang langit.

Sinabi ng isang anghel ang isang bagay na kamangha-mangha:

**“Nasa maling daan kayo. Wala siya rito. Siya’y muling nabuhay.”**

Isipin ang pagkabigla. Isipin ang pagkakalito. Ang lugar na dapat sanang taguan ng kamatayan ay walang laman.

Kung hinahanap mo si Hesus sa gitna ng mga patay, ikaw ay naghahanap sa maling lugar.

Ang muling nabuhay na Kristo ay hindi matatagpuan sa mga libingan ng panghihinayang, sama ng loob, o kawalan ng pag-asa. Ang buhay na Kristo ay palaging nauuna sa atin, laging gumagalaw, laging humihila ng buhay mula sa mga bagay na tila tapos na.

## **Bakit Galilea?**

Pagkatapos ay dumating ang nakakagulat na utos:

“Pumunta kayo sa Galilea.”

Bakit Galilea?

Dahil sa Galilea nagsimula ang lahat.

Doon nagsimula ang tawag: “Sundin mo Ako.”

Doon nagsimula ang unang pagmamahal.

Doon nasira ang mga lambat sa kasaganaan.

Doon ang tubig ay naging alak.

Doon ang limang tinapay ay nakapagpakain sa libu-libo.

Doon nahawakan ang mga may ketong.

Doon ang paralitiko ay nakalakad.

Doon nakuha muli ng biyuda ng Nain ang kanyang anak.

Doon ang mga makasalanan ay umiyak at natagpuan ang awa.

Doon nagliyab ang puso sa Sermon sa Bundok.

Doon natuklasan ng mga mangingisda na sila’y mga apostoles.

Ang Galilea ay magulo, pangkaraniwan, kanayunan, magkahalo ang mga sumasamba sa diyos-diyosan at mga dayuhan. Hindi ito Herusalem, hindi ito sentro ng kapangyarihan. At gayon pa man, dito naging maliwanag ang Kaharian.

Sa Galilea, naramdaman ang buhay na pananampalataya.

Ngunit dumating ang Biyernes Santo.

Ang Siyang nakapagpapagaling ay nakasabit nang walang lakas.

Ang Siyang nagsalita na may kapangyarihan ay pinatahimik.

Ang Siyang nagligtas ng iba ay hindi iniligtas ang Sarili.

Ang Syang bumuhay sa patay ay inilagay sa libingan.

Tila ba ang Galilea ay isang magandang ilusyon lamang—parang bula ng sabon na pumutok sa krus.

Hindi ba tayo nakaranas ng ganitong mga sandali?

Mga panahong ang pananampalataya natin ay tila napakaliwanag—ngunit nadurog dahil sa pagdurusa?

Mga sandali na ang panalangin natin ay puno ng buhay, ngunit ngayon ay tila wala nang laman?

Tayo ay napatanong: *Mga emosyon lamang ba ang mga iyon? Totoo ba ang mga iyon?*

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ang sagot ng Diyos.

Ang muling pagkabuhay ay ang Ama na inilalagay ang Kanyang opisyal na tatak sa lahat ng nangyari sa Galilea.

Hindi ilusyon ang mga iyun.

Walang nasayang.

Walang luha na hindi napansin.

Walang isang bagay na gawa sa pagmamahal ang magiging walang kabuluhan.

Walang panalangin na hindi narinig.

Hindi natalo ang pagmamahal.

Ang Ipinako sa Krus ay buhay.

### **Nasaan ang Iyong Galilea?**

At kaya sinasabi ng anghel sa atin ngayong gabi:

Kapag naglalakad ka patungo sa libingan—bumaling ka.

Pumunta ka sa Galilea.

Ngunit nasaan ang iyong Galilea?

Mayroon bang sandali kung kailan ang Banal na Kasulatan ay biglang nagsalita ng direktso sa iyong buhay?

Isang pag-amin na nag-alis ng mabigat na pasanin?

Isang Eukaristiya kung saan naramdaman mo na hindi ka nag-iisa?

Isang madilim na sandali kung saan dumating ang kapayapaan nang hindi mo maipaliwanag?

Isang pagkakaibigan kung saan naabot ka ng kabutihan ni Kristo?

Isang tahimik na kilos ng awa na nagpapaalala sa iyo na humihinga pa rin ang kabutihan?

Iyon ang iyong Galilea.

Para sa ilan, ang Galilea ay ang kanilang pananampalataya noong sila ay bata pa.  
Para sa iba, isang pagninilay.  
Para sa iba naman, ang pagsilang ng isang anak.  
At sa iba pa, isang kuwarto sa ospital kung saan mas malakas ang biyaya kaysa takot.  
At kung ngayong gabi ay sinasabi mo na, “Hindi pa ako nakaranas ng ganitong Galilea,” ay humiram ka sa iba.  
Pumunta ka sa isang tao na buhay ang pananampalataya.  
Pakinggan mo ang testimonya ng isang santo.  
Basahin mo ang kuwento ng isang tao na nakaligtas ang pag-asa ay sa pagdurusa.  
Ang Simbahan mismo ang dakilang Galilea kung saan maraming henerasyon ang nakatagpo ang buhay na Kristo.

Isipin Ninyo ang mga alagad sa daan patungong Emaus. Ang kanilang mga paa ay lumalayo sa Jerusalem—ngunit ang kanilang mga puso ay naaalala ang Galilea, naaalala nila ang kanilang nakita at narinig. At habang sila’y nagsasalita tungkol sa Kanya, Siya’y dumating at naglakad sa kanilang tabi.  
Nagsimulang magliab ang kanilang mga puso.

Ang Muling Nabuhay na Panginoon ay palaging matatagpuan sa Galilea—sa lugar kung saan unang nakilala mo ang Kanyang pag-ibig.

## **Maging Galilea**

Ngunit ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi nagtatapos sa paghahanap ng Galilea.  
Inaanyayahan tayong maging Galilea.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang bomba ang sumira sa isang estatwa ni Kristo sa isang simbahan. Tanging katawan lamang ang natira. Nang muling itayo ng parokya ang simbahan, iniwan nila ang estatwa na walang kamay. Sa ilalim nito, inilagay nila ang isang karatula:

**“Wala nang kamay si Kristo kundi ang sa inyo.”**

Ang Muling Nabuhay na Panginoon ay ipinapadala tayo ngayon—hindi upang manatili sa nakaraan—kundi upang maging Galilea para sa mundo.

Mga lugar kung saan:

- Ang tinapay ay dumami.

- Ang mga walang laman na lambat ay napupuno muli.
- Ang tubig ay nagiging alak.
- Ang mga makasalanan ay nakakatagpo ng awa.
- Ang mga nagdadalamhati ay nakakatanggap ng aliw.
- Ang mga nakalimutan ay napapansin.
- Ang pag-asa ay dumarating nang tahimik ngunit matatag.

Madalas, ang muling pagkabuhay ay hindi dumarating na may kulog at kidlat.

Nagsisimula ito sa maliliit na katapatan:

- Isang salita ng kapatawaran.
- Isang gawa ng kagandahang-loob.
- Isang pagtangga na sumuko.
- Isang pagpili na muling magtiwala.
- Isang kamay na inaabot sa halip na iniuurong.

Sa bawat pagkakataon na kumikilos tayo sa pag-ibig, muling nangyayari ang Galilea.

Sa bawat pagkakataon na nanaig ang awa kaysa sama ng loob, gumugulong ang takip na bato.

Sa bawat pagkakataon na pinipili natin ang pag-asa kaysa sa pangungutya, nagiging walang laman ang libingan.

## **Huling Paanyaya**

Huwag manatili sa daan patungo sa libingan.

Huwag itayo ang iyong tahanan sa pagkadismaya.

Bumaling.

Bumalik sa lugar kung saan unang nakilala ka ni Kristo.

Bumalik sa lugar kung saan unang nagising ang pag-ibig sa iyong puso.

Bumalik sa Galilea.

At mula roon, lumabas at lumikha ng Galilea para sa iba.

Sapagkat ang pangako ng anghel ay nananatiling totoo:

**“Doon ninyo Siya makikita.”**

At sa sandaling nakita mo Siyang buhay, hindi mo na muling iisipin ang libingan bilang huling salita.

**Amen.**

## **Pangalawang Homiliya 2 – “Nagsimula na ang Bagong Paglikha”**

Isang batang lalaki ang minsang nakatayo sa harap ng bintana ng isang tindahan ng mga aklat at nakatitig sa isang larawan ng pagpapako sa Krus. May lalaking nakatabi sa kanya ang nagtanong,

“Alam mo ba kung sino iyan?”

“Si Hesus iyon,” siguradong sagot ng bata. “Ipinako Siya. Siya’y namatay para sa lahat ng tao.”

Tumango ang lalaki at tahimik na naglakad palayo. Ngunit pagkatapos ng ilang hakbang, narinig niya ang mabilis na yabag sa likuran. Tumakbo ang bata, bahagyang hiningal:

“Mama! Nakalimutan kong sabihin—Siya’y muling nabuhay! Siya’y buhay!”

May mga mensaheng nagbabago ng lahat. Kung wala ang ikalawang pangungusap, ang una ay magpapabigat sa atin. Ang isang Tagapagligtas na ipinako sa Krus na walang muling pagkabuhay ay magiging trahedyang lamang. Ang Krus na walang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay pagkatalo. Ngunit ang ikalawang pangungusap—*Siya’y nabuhay*—ay nagbabago ng kawalan ng pag-asa tungo sa pag-asa, pagtatapos tungo sa simula, kamatayan tungo sa buhay.

At iyan ang himala ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: hindi dalamhati at kamatayan ang may huling salita. Kahit na tila gumuho man ang mundo—sa karahasan, digmaan, pagtataksil, sakit, o personal na pagkawala—ang buhay, pag-ibig, at pag-asa ay nagpapatuloy.

Kung ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay tungkol lamang sa isang patay na bumalik sa buhay sa lupa, hindi ito ganap na bago. Nakita na natin iyon sa Ebanghelyo:

Ang anak na babae ni Jairus—patay, at binuhay.

Ang anak ng biyuda sa Nain—dinala para ilibing, at tinawag pabalik.

Si Lazaro—apat na araw sa libingan, at inanyayahang lumabas.

Ngunit bawat isa sa kanila ay bumalik sa parehong buhay gaya ng dati. Muling tumibok ang kanilang puso, muling huminga ang kanilang mga baga—ngunit sila ay tatanda, magdaranas ng paghihirap, at muling mamamatay.

Hindi ito ang nangyari kay Hesus.

Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay hindi simpleng pagbabalik sa dati.

Ito ay hindi simpleng pagkabuhay muli.

Ito ay isang bagong paglikha.

Ngayong gabi, sa ating Pagbabantay, nagsimula tayo sa unang pahina ng Bibliya: “Sa simula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa... at nakita ng Diyos na ito’y mabuti.”

Nagsimula ang Paglikha sa kabutihan, pagkakaisa, at liwanag. Ngunit may nangyari sa pagitan ng Henesis at Biyernes Santo. Pumasok ang kasalanan. Nasira ang tiwala. Pinatay ng isa ang kanyang kapatid. Kumalat ang karahasan. Nagdaing ang Paglikha sa bigat ng makasariling gawa ng tao.

Sinasabi ni San Pablo: “Ang buong Paglikha ay nagkakabahala sa kirot hanggang sa ngayon.”

At noong Biyernes Santo, tila naabot ng pagdaing ang sukduhan. Ang Anak ng Diyos ay nakasabit sa Krus. Nababalot ng kadiliman ang mundo. Napunit ang tabing ng Templo. Parang bumalik ang kaguluhan, parang namatay na ang liwanag ng unang araw.

Ngunit ang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang masayang wakas ng isang trahedya.

Ito ay simula ng ganap na bagong kwento.

Maingat na ipinapakita ng mga Ebanghelista ang isang hiwaga. Ang muling nabuhay na si Hesus ay pareho nung dati—ngunit hindi na rin pareho.

Dala Niya ang mga sugat. Hindi tinanggal ang mga peklat; ito’y pinagpala at niluwalhati.

Kumakain Siya ng isda kasama ang Kanyang mga alagad. Nakikipag-usap Siya sa kanila.

Ngunit nakakatawid din Siya sa mga nakasaradong pinto.

Nagpapakita at nawawala.

Nakikilala lamang Siya kapag tinawag Niya si Maria sa pangalan, o kapag pinamutol Niya ang tinapay.

Ito ay pagpapatuloy at pagbabago nang sabay.

Hindi ito ang lumang paglikha na inayos muli.

Ito ay ang unang araw ng bagong paglikha.

Maliwanag ang intensyon ni San Juan: Ang pagkabuhay ni Jesus ay “sa unang araw ng linggo.” Ang parehong araw kung kailan sa Henesis, sinabi ng Diyos: “Magkaroon ng liwanag.”

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay ang bagong “Magkaroon ng liwanag.”

Ang kadiliman ng kasalanan at kamatayan ay tinusok mula sa loob, at muling sumiklab ang liwanag ng Diyos.

Si San Pablo ay nahirapang humanap ng sapat na salita upang ilarawan ito. Tinawag niya itong isang “katawang espirituwal.” Hindi multo. Hindi mas mababa ang pagiging totoo. Kundi higit na totoo. Isang bagay na pinasok ng kaluwalhatian. Pagkataong napuspos ng buhay ng Diyos.

Matagal nang pinangarap ng mga propeta ang ganitong araw:

“Gagawin nilang araro ang kanilang mga tabak.”

“Ang lobo ay maninirahang kasama ng kordero.”

“At isang munting bata ang mangunguna sa kanila.”

Ang mga ito ay hindi mga payak o walang-muwang na pantasya. Ito ay mga larawan ng nilikhang pinagaling—*shalom*—ang kabuuang kapayapaang naibalik. At ang pagpapanumbalik na ito ay nagsisimula sa katawan ng Nabuhay na si Kristo.

Kung saan nabigo si Adan sa isang hardin, si Kristo ay muling nabuhay sa isang hardin. Kung saan pumasok ang kamatayan dahil sa pagsuway, ang buhay ay sumibol dahil sa pagsunod at pagmamahal.

Hayaan ninyo akong maghayag ng maikling kuwento.

Matapos ang isang mapaminsalang sunog sa kagubatan, naglakad ang isang magsasaka sa kanyang nasunog na bukirin. Tila nawasak ang lahat. Mga punong nagging itim dahil nagging uling na. Lupang nasunog. Katahimikan.

Mukhang wala nang pag-asa.

Ngunit makalipas ang ilang araw, napansin niya ang maliliit na luntiang usbong na tumutubo mula sa abo. Hindi ang apoy ang may huling salita. Sa ilalim ng pang-ibabaw, ang pag-usbong ng buhay ay naghihintay.

Ang Biyernes Santo ang apoy.

Ang umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ang luntiang usbong.

Ngunit narito ang kahanga-hangang bahagi: ang bagong paglikha na ito ay hindi natapos kay Hesus.

Tingnan ninyo ang mga apostol.

Noong Biyernes, sila ay nagtatago.

Noong Linggo ng gabi, sila ay nasa likod pa rin ng mga nakasarang pintuan, natatakot.

Dala ni Pedro ang kahihyan. Dala ni Tomas ang pagdududa. Ang iba naman ay may kalituhan.

Ngunit makalipas ang ilang linggo, nakatayo sila sa mga lansangan at buong tapang na ipinahahayag: “Binuhay Siya ng Diyos!”

Ano ang nagbago sa kanila?

Nakilala nila ang Nabuhay na Panginoon.

Hindi isang ideya. Hindi isang alaala. Kundi isang buhay na Persona.

Ang tanda ng mga unang Kristiyano ay hindi kapangyarihang pampolitika o lakas-militar. Ito ay isang bagay na ikinamangha ng mundong pagano. Sinabi ng mga tao na may paghanga, “Tingnan ninyo kung paano nila mahal ang isa’t-isa.”

Inalagaan nila ang mga maysakit sa panahon ng salot habang ang iba ay tumatakas.

Iniligtas nila ang mga sanggol na inabandona.

Pinatawad nila ang mga umuusig sa kanila.

Hindi iyan likas lamang. Iyan ay higit sa likas.

Iyan ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay.

Nang yakapin ni San Francisco ng Assisi ang ketongin na dati niyang kinatatakutan, iyon ay bagong paglikha na lumalampas sa takot.

Nang ialay ni Maximilian Kolbe ang kanyang buhay sa Auschwitz para sa kapwa

bilanggo, iyon ay bagong paglikha na nagniningning sa gitna ng pinakamadilim na kampo.

Kapag ang isang asawa ay nagpapatawad sa halip na maghiganti, iyon ay bagong paglikha.

Kapag ang isang babae ay pumipili ng buhay at pag-asa sa gitna ng kahirapan, iyon ay bagong paglikha.

Kapag ang mga boluntaryo ay umaaliw sa mga batang tumatakas sa digmaan, kapag ang mga estranghero ay nagbubukas ng kanilang mga tahanan para sa mga lumilikas, kapag ang pakikipagkasundo ay pumapalit sa galit—iyan ay pagpapatuloy ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Madalas magsalita ang mundo tungkol sa isang “kultura ng kamatayan.” Nakikita natin ito sa karahasan, adiksyon, pagsasamantala, at kawalang-pakialam. Ngunit ang mga Kristiyano ay hindi lamang tinatawag upang kondenahin ang kadiliman. Tayo ay tinatawag upang magliwanag ng kakaiba.

Sinasabi ni San Pablo: “Kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya ay bagong nilalang.” Hindi “magiging” balang araw. Kundi “ngayon ay.”

Sa pamamagitan ng binyag, tayo ay ibinaon sa kamatayan ni Kristo—at muling binuhay kasama Niya. Ang kapangyarihang bumasag sa libingan ay nananahan ngayon sa atin. Ang Espiritu Santo ang hininga ng bagong paglikha na humihinga na sa loob ng Simbahan.

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay hindi lamang pag-asa para sa hinaharap. Ito ay kapangyarihang nararanasan natin ngayon.

Ito ay lakas na magpatawad kapag tila imposible.

Ito ay tapang na tumindig para sa katotohanan kahit may kapalit na hirap.

Ito ay pag-asa kapag ang dalamhati ay labis na mabigat.

Ito ay liwanag kapag ang ating personal na mundo ay madilim.

Ang libingan ay walang laman—ngunit ang mas mahalaga, ang mundo ay hindi na kulang sa nagpapabagong presensya ng Diyos.

Isang maliit na bata ang nagtanim ng mga buto sa unang bahagi ng tagsibol. Malamig pa ang lupa, at ang kanyang nakatatandang kapatid ay tumawa: “Wala namang tutubo diyan.”

Ngunit araw-araw na bumabalik ang bata upang diligan ang lupa.

Hindi niya nakikita ang anumang pagbabago. Parang pareho pa rin ang itsura ng lupa.

Ngunit makalipas ang ilang linggo, lumitaw ang luntiing usbong.

“Paano mo nalaman?” tanong ng nakatatandang kapatid.

“Hindi ko man nakita,” sagot ng bata, “ngunit alam kong may buhay doon.”

Mga kapatid, minsan ang ating mundo ay tila Biyernes Santo pa rin.

Minsan ang ating mga puso ay tila mga nakasarang libingan.

Minsan nakikita natin ang mas maraming abo kaysa luntiing usbong.

Ngunit sinasabi sa atin ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: ang buhay ay gumagana na sa ilalim ng ibabaw.

Ngayong gabi, ipinagdiriwang natin ang araw nang sumibol ang buhay mula sa malamig na lupa ng libingan.

Nagsimula na ang bagong paglikha. Si Kristo ang unang bunga.

Bumukas muli ang hardin. Bumalik ang liwanag.

At kung mananatili tayo sa Kanya—kung tayo ay mananalangin, magpapatawad, magmamahal, magpupursigi—ang buhay ng muling pagkabuhay na iyon ay lilipat sa atin at magpapasigla sa isang sugatang mundo.

Siya ay nabuhay. Siya ay tunay na nabuhay. Amen.

### **Pangatlong Homiliya 3 – Mula Kadiliman Patungong Galilea: Paglakad sa Liwanag ng Nabuhay na Panginoon**

Maraming taon na ang nakalilipas, isang maliit na bayan na nasa tabing-dagat ang tinamaan ng isang malakas na bagyo. Nawalan ng kuryente, nabuwal ang mga puno, at ang buong bayan ay nabalot sa dilim. Sa isang bahay, nagbukas ang isang lola ng isang kandila at inilagay ito sa bintana sa harap. Nakita ito ng kanyang kapitbahay at sinindihan rin ang kanyang sariling kandila. Hindi naglaon, isa-isa, nagsimulang kumislap ang mga ilaw sa mga bintana sa kahabaan ng kalsada. Hindi pa tapos ang bagyo. Patuloy pa rin ang huni ng hangin. Ngunit ang dilim ay hindi na tila ganap. Ang isang maliit na apoy ay nagbigay ng lakas sa iba. At sa mahina ngunit matatag na liwanag na iyon, bumalik ang pag-asa.

Ngayong gabi, nagsimula tayo sa kadiliman.

May isang bagay na labis na kahanga-hanga tungkol sa gabing ito. Nagtipon tayo sa labas, nakipaglaban sa apoy at hangin, sinindihan natin ang Apoy ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, at mula rito, ang Kandilang Paschal. Pagkatapos, pumasok tayo sa simbahan na pinadilim, dala lamang ang iisang apoy upang tayo’y gabayan. Unti-unti, kumalat ang liwanag mula sa isang kandila patungo sa iba hanggang ang kadiliman ay napalitan ng banayad, buhay na liwanag. Sa liwanag na iyon, inawit natin ang Exsultet — ang dakilang pagpapahayag na tumatawag sa langit at lupa upang magalak, na ipinahahayag na “ang kadiliman ay mawawala magpakailanman”, at pinupuri natin si Kristo, ang Bituin ng Umaga, na nabuhay at nagbigay ng mapayapang liwanag sa sangkatauhan.

Ang kahanga-hangang ganap na ito ay hindi dula. Ito ay katotohanang isinabuhay. Ito ang kuwento ng ating kaligtasan na isinalaysay hindi lamang sa salita, kundi sa apoy, galaw, at liwanag. Ipinagdiriwang natin ngayong gabi ang pinaka kahanga-hangang pangyayari sa kasaysayan ng sangkatauhan: ang muling pagkabuhay ng Anak ng Diyos mula sa mga patay. Si Hesus, na malupit na ipinako sa krus at kahiya-hiya na ipinapatay, ay kamangha-manghang at maluwalhating binuhay ng Ama. Ang bato ay naalis. Ang libingan ay walang laman. Natalo ang kamatayan.

Ang Ebanghelyo ni Mateo ay malinaw na naglalarawan ng dramatikong pangyayari. Sinabi niya na nagkaroon ng malakas na lindol. Bumaba ang isang anghel, na ang anyo ay parang kidlat, at ang kanyang damit ay puti na parang niyebe. Nangingig ang lupa. Nakialam ang langit. Ang mga ito ay hindi simpleng detalye lamang; sila ay mga palatandaan sa Bibliya na ang Diyos mismo ang kumikilos. Naabot na ng kasaysayan ang kanyang pagbabago.

At gayunpaman, sa gitna ng kosmikong kahanga-hangang pangyayaring ito, naroon ang dalawang nagluluksa na babae na naglalakad sa isang makataong paraan.

Marami sa atin ang nakakaalam ng ganitong uri ng paglalakad. Ang paglalakad patungo sa tabi ng kama sa ospital. Ang paglalakad patungo sa bahay ng kapitbahay matapos marinig ang masamang balita. Ang paglalakad sa likod ng kabaong. Ang ganitong paglalakad ay mabigat. Nakakapagod.

Si Maria Magdalena at ang isa pang Maria ay naglakad patungo sa libingan na may parehong bigat ng loob. Sinundan nila si Hesus sa Galilea. Nakatayo sila sa malayo habang siya ay namamatay. Nakita nila ang kanyang katawan na inilagay sa libingan.

Ngayon, naglakad sila nang simple upang makalapit sa kanya, kahit sa kamatayan. Ang pag-ibig ay hindi nagpahintulot na sila'y manatiling malayo.

Inaasahan nila ang katahimikan. Inaasahan nila ang paninimbang. Inaasahan nila ang pagdarasal para sa patay.

Ngunit ang lupa ay nanginig.

Ang libingan ay walang laman.

At sinabi ng anghel ang mga salitang umalingawngaw sa buong panahon: **“Si Hesus na ipinako sa krus... ay wala rito. Siya ay nabuhay.”**

Sa pagitan ng kanilang malungkot na paglalakad patungo sa libingan at kanilang masayang pagtakbo palayo rito ay naroon ang pahayag na iyon. Sinasabi ng Ebanghelyo na sila ay umalis **“punong-puno ng takot at kagalakan”** at tumakbo upang ipaalam sa mga alagad. Ang dalamhati ay naging misyon. Ang pagluluksa ay naging pagpapahayag.

Nakikita rin natin ang katulad na pangyayari sa karaniwang buhay. Minsan, narinig ko ang tungkol sa isang doktor na kailangang ipaalam sa isang pamilya na gagaling ang isang mahal sa buhay matapos ang ilang araw ng kawalang-katiyakan. Ang parehong pasilyo na tila isang lagusan ng pangamba ay biglang naging daan ng ginhawa at pasasalamat. Wala namang nagbago sa gusali—ngunit lahat ay nagbago. Ang balita ay kayang baguhin ang isang paglalakad.

Ang balita ng Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang nagbabago ng pasilyo, hindi lamang ng isang umaga, kundi ng buong kasaysayan ng sangkatauhan.

At gayunpaman, nagbibigay ang anghel ng nakakagulat na tagubilin: **“Uuna Siya sa inyo patungong Galilea; doon ninyo Siya makikita.”** Inuulit ni Hesus mismo: **“Sabihin ninyo sa aking mga kapatid na pumunta sa Galilea; doon nila Ako makikita.”**

Bakit Galilea?

Ang Galilea ang lugar kung saan nagsimula ang lahat. Dito pinagaling ni Hesus ang mga may sakit, pinatawad ang mga makasalanan, hinawakan ang mga ketongin, tinanggap ang mga naiiwan sa lipunan, pinakain ang mga nagugutom, at bumuo ng isang komunidad. Ang Galilea ay lugar ng araw-araw na buhay — mga bangkang pangisda, mga bahay-baryo, maalikabok na daan. Ipinapadala ng Nabuhay na Panginoon ang kanyang mga alagad hindi sa isang dambana, hindi sa isang

monumento, hindi para manatiling nakatitig sa isang walang-lamang libingan — kundi pabalik sa lugar ng buhay at misyon.

Kung wala siya sa libingan, nasaan siya?

Makikita siya kung saan ang buhay ay naibabalik.

Kung saan ang awa ay nangingibabaw kaysa hatol.

Kung saan ang dignidad ay ipinagtatangol.

Kung saan binibisita ang mga nag-iisa.

Kung saan inaalok ang kapatawaran.

Kung saan muling pinapawi ang pag-asa.

Sa madaling sabi, makikita siya kung saan ang kanyang Espiritu ay kumikilos.

Nasaan ang Galilea para sa atin ngayon? Ito ay kahit saan natin ipinapakita ang ating pang-araw-araw na buhay. Sa ating mga tahanan, sa ating mga trabaho, sa ating parokya, sa ating mga kalsada. Kung hahanapin natin ang buhay sa gitna ng mga patay — sa mga kabiguang nagdaan, panghihinayang, at takot — hindi natin siya matatagpuan doon. Kung hahanapin natin ang Nabuhay na Panginoon sa mga lugar ng buhay, pagkakawanggawa, tapang, at malasakit, doon natin siya matatagpuan.

Ang mga unang salita sa walang-lamang libingan ay nakakabighani: **“Huwag kayong matakot.”**

Ang unang salita ng nabuhay na Hesus: **“Huwag kayong matakot.”**

Ang pagkakapako sa krus ay nagdulot ng takot. Ang mga alagad ay wasak, nahihiya, nalilito — tila walang lakas. At gayunpaman, hinarap sila ng Nabuhay na Panginoon sa mismong kalagayan nila. Hindi siya naghintay na sila’y maging malakas. Hinarap niya sila sa kanilang kahinaan.

Ganoon din ang ginagawa niya sa atin.

Marami sa atin ngayong gabi ay dumarating dala ang kadiliman: pagkawala ng isang minamahal, pangamba sa hinaharap, pagkabigo, panghihina ng loob, mga pribadong pakikibaka na walang ibang nakakaalam. Nabubuhay tayo sa isang mundo na madalas ay tila natatakpan ng kasakiman, karahasan, at kawalang-katiyakan. Madaling maramdaman na ang kadiliman ang nangingibabaw.

Ngunit ipinapahayag ngayong gabi: ang kadiliman ay hindi ang huli.

Sinasabi ni San Juan, **“Ang liwanag ay nagniningning sa kadiliman, at hindi ito napasakamay ng kadiliman.”**

Naalala ko isang pagkakataon na nakatayo ako sa kumpletong dilim sa isang malayong isla, malayo sa mga ilaw ng lungsod. Nakakakaba ito. Naramdaman kong ako'y maliit at walang panangga. Ngunit unti-unti, nakasanayan ng aking mga mata ang dilim. At sa itaas ko ay isang langit na nagliliyab ng mga bituin na hindi ko pa nakita dati. Hindi nawala ang kadiliman — ngunit ito ay naging likuran para sa mas dakilang liwanag.

Hindi nagpapanggap ang Pasko ng Pagkabuhay na wala ang kadiliman. Ipinahahayag nito na ang kadiliman ay hindi nagwawagi.

Ang mga babae ay gumalaw mula sa kalungkutan patungo sa kagalakan, mula sa kagalakan patungo sa pagsamba — sila'y nahulog sa kanyang mga paa — at mula sa pagsamba patungo sa misyon. Iyan ang ating paglalakbay ngayong gabi. Pumasok tayo sa kadiliman. Natanggap natin ang liwanag. Nakinig tayo sa kuwento ng kaligtasan. Inuulit natin ang ating mga pangako sa binyag. Sinasamba natin ang nabuhay na Panginoon. At pagkatapos ay ipinapadala tayo.

Ang Pasko ng Pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ito ay tungkol sa buhay bago mamatay. Tinatawag tayo na maging isang taong Pasko ng Pagkabuhay — mga taong lumilikha ng “makabagong Galilea,” mga lugar kung saan ang buhay ni Kristo ay nagiging nakikita. Ang pista ay humihikayat ng tapang. Tapang na magpatawad. Tapang na manindigan para sa katotohanan. Tapang na ipagtanggol ang buhay. Tapang na umasa kapag tila imposible ang pag-asa.

Marahil ang kaloob na higit nating kailangan ngayong gabi ay ang tapang na iyon.

Hayaan ninyong tapusin ko sa isa pang kuwento.

Matapos ang bagyo sa bayang tabing-dagat, nang maibalik na ang kuryente, may isang nagtanong sa lola kung bakit niya inilagay ang kandila sa bintana. Sumagot siya, **“Hindi ko ito sinuportahan para palayasin ang buong bagyo. Sinindihan ko ito para walang sinuman ang mag-isip na sila'y nag-iisa.”**

Iyan ang ginawa ng Diyos sa muling pagkabuhay ni Hesus.

Hindi niya inalis ang lahat ng bagyo sa ating buhay. Ngunit sinuportihan niya ang isang liwanag na nagsasabi sa atin na tayo ay hindi nag-iisa.

Ang libingan ay walang laman.

Si Kristo ay nabuhay.

Uuna Siya sa atin patungong ating Galilea.

At saanman natin dalhin ang kanyang liwanag — gaano man kaliit ang apoy natin — ang kadiliman ay hindi kailanman magkakaroon ng huling salita.

Si Kristo ay nabuhay. Siya ay tunay na nabuhay. Aleluya.

#### **Pang-apat na Homiliya 4 – “Mula sa Libingan patungo sa Liwanag”**

Sa *Faust* ni Goethe, nakatayo si Faust, ang iskolar, sa pagdadalamhati. Ang kaalaman ay hindi nakapagpasaya sa kanya. Ang tagumpay ay hindi nakapagbigay-kasiyahan. Sa paghamon sa kawalan ng saysay ng buhay, itinaas niya ang isang bote ng lason sa kanyang labi.

Ngunit—tumunog ang mga kampana ng Pasko ng Pagkabuhay sa malayo.

Ang tunog ay nagbuhay ng mga alaala ng pagkabata. May isang bagay na lumambot.

Bumaba ang bote mula sa kanyang kamay. Lumabas siya. Pinuno ng tao ang sikat ng araw. At sinabi ni Faust:

“Ipinagdiriwang nila ang Muling Pagkabuhay ng Panginoon, sapagkat sila mismo ay nabuhay na.”

May isang bagay sa loob niya na muling bumangon.

Nagsisimula ang Ebanghelyo ngayong gabi sa kadiliman.

“Habang madilim pa,” pumunta si Maria Magdalena sa libingan.

Ang pananampalataya sa Pasko ng Pagkabuhay ay hindi nagsisimula sa tagumpay.

Nagsisimula ito sa kadiliman, kalituhan, at dalamhati.

Nakikita ni Maria ang bato na naalis—ngunit iniisip ang pinakamasama.

“Kinuha nila ang Panginoon.”

Nakikita ni Pedro ang mga telang lino—ngunit hindi pa niya naiintindihan.

Pumasok ang minamahal na alagad, nakakita—at naniwala.

Mas malalim ang nakikita ng pag-ibig kaysa sa takot.

Ang muling pagkabuhay ay hindi napatutunayan tulad ng pormulang matematika.

Nakikilala ito ng pusong nagmamahal.

Pagkatapos, dumarating ang isa sa mga pinakamatamis na tagpo sa buong Kasulatan.

Si Maria ay nakatayo at umiiyak. Inisip niyang si Hesus ay ang hardinero.

Sa isang paraan, siya ay nagkamali.

Sa isa pang paraan, siya ay malalim na tama.

Nagsimula ang Bibliya sa isang hardin. Nabigo ang sangkatauhan sa isang hardin. At ngayon, sa isang hardin, naroroon ang bagong Adan—ang Hardinero ng bagong paglikha.

Isang salita lamang ang kanyang binigkas:

“Maria.”

Tinawag niya siya sa pangalan.

At nagbago ang lahat.

Hayaan ninyong magkuwento ako ng isa pang kuwento.

Minsang sinabi ng isang guro sa kanyang mga estudyante: “Kapag tinawag ang iyong pangalan, ibig sabihin, may halaga ka.” Makalipas ang maraming taon, isa sa kanyang dating estudyante—na dumaan sa mabibigat na pakikibaka sa buhay—ang nagsabi: “Ang unang pagkakataong naniwala akong may halaga ako ay nang tawagin ng isang tao ang aking pangalan nang may kabaitan.”

Ang Pasko ng Pagkabuhay ay ang Diyos na tumatawag sa ating pangalan.

Hindi sa pangkalahatan.

Hindi sa abstrakto.

Ngunit personal.

“Maria.”

“Tomas.”

“Pedro.”

At ngayong gabi—ang iyong pangalan.

Ang muling pagkabuhay ay hindi lamang isang pangyayari sa kasaysayan. Ito ay isang pagkakatagpo.

Ang mga babae sa Ebanghelyo ni Mateo ay tumakbo mula sa libingan “na may takot at malaking kagalakan.” Ang halo na iyon ay tunay. Hindi binubura ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ang mga sugat. Dala pa rin ni Hesus ang mga ito.

Tila binura ng krus ang Galilea.

Tila pinatahimik ng pagkakapako sa krus ang Kanyang mga salita.

Tila pinal na ang bato.

Naranasan mo na ba ang ganitong pakiramdam ng kabuuang pagtatapos? Isang pagsusuri. Isang nabigong relasyon. Isang pangarap na bumagsak. Isang kasalanang tila hindi mapapatawad.

May mga batong itinulak din sa ating buhay.

Ngunit ipinahahayag ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: ang bato ay hindi ang may huling salita.

Nagtatago ang mga alagad sa likod ng nakasarang pintuan. Ngunit pumapasok ang Nabuhay na Panginoon. Ang nakasarang pintuan ay hindi nakahadlang sa Kanya.

At pansinin: hindi Niya sila pinagsabihan. Sinasabi Niya, “Kapayapaan sa inyo.”

Ang muling pagkabuhay ay hindi nagsisimula sa paratang. Nagsisimula ito sa kapayapaan.

Isaalang-alang ang isa pang larawan.

Minsang ikinuwento ng isang kapilyang naglilingkod sa bilangguan ang pagbibinyag sa isang bilanggo na may mahabang sentensya. “Nakasara pa ang pintuan ng selda sa likuran niya,” sabi ng kapilya, “ngunit may nagbago. Naglakad siya pabalik nang kakaiba. Pareho ang mga pader—ngunit siya ay malaya.”

Iyan ang Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Maaaring hindi agad magbago ang sitwasyon.

Ngunit nagbabago ang puso.

Bumabalik ang pag-asa.

Nagsisimula ang kalayaan sa loob.

Sinasabi ni San Pablo: “Kung kayo ay binuhay kasama ni Kristo, hangarin ninyo ang mga bagay na nasa itaas.” Hindi pagtakas sa mundo—kundi isang bagong paraan ng pamumuhay sa loob nito.

Kapag ang kapatawaran ay pumalit sa paghihiganti—iyan ay muling pagkabuhay.

Kapag ang tapang ay pumalit sa takot—iyan ay muling pagkabuhay.

Kapag ang pag-asa ay tumatayo sa harap ng kamatayan—iyan ay muling pagkabuhay.

Pangwakas na Kuwento

Isang matandang babae ang nakatayo sa puntod ng kanyang asawa. May isang tao na malumanay na nagtanong sa kanya, “Paano kayo nananatiling kalmado?”

Ngumiti siya at sinabi, “Dahil alam ko kung paano nagtatapos ang kuwento.”

Mga kapatid, ngayong gabi alam natin kung paano nagtatapos ang kuwento.

Ang kadiliman ay hindi nagwawagi.

Ang bato ay hindi nananatili.

Ang libingan ay hindi ang huli.

Ang Hardinero ay nakatayo sa hardin ng mundo at tinatawag tayo sa ating pangalan.

At kapag tinawag Niya tayo, tayo ay bumangon.

Si Kristo ay nabuhay.

Siya ay tunay na nabuhay. Amen.

## Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay (Misa sa Araw)

Mga Gawa 10,34.37–43; Col 3,1–4 o 1 Cor 5,6–8; Jn 20,1–9

### UNANG PAMBUNGAD

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay naglalagay sa mga tao sa pagkilos. Punô ang mga kalsada ng mga sasakyan habang ginagamit ng mga tao ang bakasyon para sa mga lakad o paglalakbay. Noong unang umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, gumagalaw na ang mga tao. Pumunta si Maria Magdalena sa libingan; tumakbo roon sina Pedro at Juan. Ngunit naglakbay din sila sa loob ng kanilang sarili—mula sa pag-aalinlangan tungo sa pananampalataya, mula sa lungkot ng Biyernes Santo tungo sa kagalakan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Hayaan nating maantig tayo ng pag-asang nagmumula sa Pasko ng Muling Pagkabuhay. Lakaran natin ang landas na ito kasama nila, ngayon sa pagdiriwang na ito, kung saan pinakikinggan natin ang Mabuting Balita ng Muling Muling Pagkabuhay at ipinagdiriwang ang hapag kung saan ang Muling Nabuhay ay nananatili sa gitna natin.

O

### IKALAWANG PAMBUNGAD

Isang lalaki ang minsang nagkuwento sa akin na matapos siyang mawalan ng trabaho, iniiwasan niyang buksan ang kanyang kahon ng mga liham. Araw-araw niya itong nilalampasan, natatakot sa panibagong kabiguan, sa panibagong patunay na ang lahat ay unti-unting nasisira. Isang umaga, halos nag-aatubili, binuksan niya ito. Sa loob ay hindi panibagong bayarin, kundi isang simpleng sulat-kamay na mensahe mula sa kaibigan: “Naniniwala ako sa iyo. Huwag kang sumuko.”

Sinabi niya kalaunan, “Wala pang nagbabago sa labas. Pero may nagbago sa loob ko. Para bang may batong naigulong palayo.”

Ganito rin nagsisimula ang Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Pumunta si Maria Magdalena sa libingan na may dalang dalamhati. Tumakbo sina Pedro at Juan na puno ng pagkalito at mga tanong na walang sagot. Inaasahan nila ang wakas. Inaasahan nila ang katahimikan. Sa halip, natagpuan nila ang isang kawalan na puno ng pangako. Naigulong na ang bato. Walang laman ang libingan. At dahan-dahan, sa kanilang mga pusong puno ng takot, nagsisimula ang muling pagkabuhay.

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa nangyari kay Hesus noon pa man. Ito ay tungkol sa nangyayari kapag tinatawag ni Kristo ang ating pangalan, kapag ang pag-asa ay sumisikat sa likod ng mga ulap ng pag-aalinlangan, kapag ang kapatawaran ay nagpapalaya sa mga bagay na matagal nating kinakapitan. Tulad ng sinasabi ni San Pablo: “Kayo ay muling binuhay kasama ni Kristo.”

Ngayon, hindi lamang natin inaalala ang muling pagkabuhay—binubuksan natin ang ating sarili dito. Hayaan nating akayin tayo ng Panginoong Muling Nabuhay mula sa takot tungo sa pagtitiwala, mula sa lungkot tungo sa pag-asa, mula sa pagtigil tungo sa pagtakbo patungo sa bagong buhay.

### **GAWA NG PAGSISISI**

Bagaman si Kristo ay muling nabuhay, minsan ay nananatili pa rin tayong nakatayo sa harap ng mga saradong libingan, kumakapit sa takot, sama ng loob, o pag-aalinlangan. Hilingin natin sa Panginoong Muling Nabuhay na igulong ang mga batong nagpapabigat sa ating mga puso.

- Panginoong Hesus, tinatawag mo kami sa aming pangalan at ginigising ang pananampalataya sa amin: Panginoon, kaawaan mo kami.
- Hesu Kristo, pinalalaya mo kami mula sa kapangyarihan ng kasalanan at binubuksan mo para sa amin ang daan tungo sa bagong buhay: Kristo, kaawaan mo kami.
- Panginoong Hesus, isinusugo mo kami bilang mga saksi ng pag-asa sa isang sugatang mundo: Panginoon, kaawaan mo kami.

### **PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD**

Nawa’y ang makapangyarihan at mahabaging Diyos,  
na nagpagulong ng bato mula sa libingan ng kanyang Anak,  
ay magpagulong din ng mga batong nagpapabigat sa ating mga puso.

Nawa’y palayain Niya tayo mula sa kapit ng takot at pag-aalinlangan,  
kalagin ang mga tanikala ng sama ng loob at kasalanan,  
at tawagin ang bawat isa sa atin sa bagong buhay.

Yamang tayo’y namatay na kasama ni Kristo sa Binyag,  
nawa’y mabuhay rin tayong kasama Niya sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig,  
at maakay sa buhay na walang hanggan. Amen.

## **PAANYAYA SA GLORIA**

Sa banal na araw na ito, nagagalak ang langit at lupa.

Nabali na ang katahimikan ng libingan; dinaig ng liwanag ni Kristo ang dilim ng gabi. Kasama ng mga anghel at ng buong Simbahan sa buong mundo, itaas natin ang ating mga tinig sa pagpupuri at umawit:

**Papuri sa Diyos sa kaitaasan!**

## **PAMBUNGAD NA PANALANGIN**

O Diyos ng buhay na walang hanggan,  
na sa araw na ito sa pamamagitan ng iyong Bugtong na Anak  
ay dinaig ang kamatayan  
at binuksan para sa amin ang landas tungo sa kawalang hanggan,  
ipinapanalangin namin,  
na kaming nagdiriwang ng Muling Pagkabuhay ng Panginoon  
ay mapanibago sa kalooban sa pamamagitan ng iyong Espiritu,  
upang, yamang muling binuhay kasama ni Kristo,  
ay hanapin namin ang mga bagay na nasa itaas  
at lumakad sa bagong buhay.

Sa pamamagitan ng aming Panginoong Hesukristo, ang iyong Anak,  
na nabubuhay at naghahari kasama mo sa pagkakaisa ng Espiritu Santo,  
Diyos magpasawalang hanggan.

**Amen.**

## **UNANG HOMILIYA 1 – “KAYO’Y MULING BINUHAY KASAMA NI KRISTO”**

**(Colosas 3:1–4)**

Noong bata pa ako, may isang tradisyon ang aking lola tuwing umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Bago mag-almusal, dinadala niya ako sa isang maliit na burol sa likod ng aming bahay. Mula roon, tanaw namin ang pagsikat ng araw sa ibabaw ng mga bukirin. Isang taon, kulay abo ang langit, malamig ang hangin, at nagreklamo ako dahil hindi ito katulad ng maliwanag na mga larawan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay sa mga aklat. Ngumiti ang aking lola at sinabi, “Minsan, kailangan mong tumingin nang mabuti. Sumisikat pa rin ang araw kahit nasa likod ng mga ulap. Kailangan mo lamang imulat ang iyong mga mata.” Sa araw na iyon, napagtanto ko na ang Pasko ng Muling

Pagkabuhay ay hindi lamang tungkol sa ating nakikita; ito ay tungkol din sa ating nararanasan sa ating mga puso.

Sa simula ng pagbasa mula sa Sulat ni Apostol Pablo sa mga taga-Colosas, may sinabi siyang kahanga-hanga: “Kayo’y muling binuhay kasama ni Kristo.” Pansinin ninyo, hindi niya sinabing, “Balang araw kayo’y muling bubuhayin.” Hindi—ang sinabi niya, kayo ay muling binuhay.

Isang matapang na pahayag ito. Nangyari na ba ang ating muling pagkabuhay? Ang sagot ni Pablo ay isang matibay na oo. Ngunit paano natin ito mauunawaan?

Ikinuuwento niya ang sarili niyang pagbabalik-loob: dati siyang tagausig ng mga Kristiyano, ngunit tinamaan siya ng isang nakakasilaw na liwanag sa daan patungong Damasco. Nang ipatong ni Ananias ang kanyang mga kamay sa kanya, siya ay naging bagong tao. Naranasan na niya ang kanyang muling pagkabuhay—hindi sa malayong hinaharap, kundi sa isang tunay at personal na pakikipagtagpo kay Kristo.

Inaanyayahan din tayo sa ganitong muling pagkabuhay. Kahapon, sa Bisperas ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, narinig natin ang pangako ni Ezekiel: “Bibigyan ko kayo ng bagong puso. Aalisin ko ang pusong bato at bibigyan ko kayo ng pusong laman.” Hindi lamang ito gawa natin; ang Diyos ang nagbabago sa atin. Iyan ang hiwaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay—ang ating mga puso ay maaaring mapanibago, at ang ating buhay ay maaaring gawing bago.

Gusto kong ibahagi sa inyo ang isa kong karanasan noong 1975, noong ako’y batang kura sa Recklinghausen. Pinamunuan ko ang isang retreat para sa mga batang manggagawang kristiyano. Sa dalawampung kabataang lalaki, may isa na ang pangalan ay Werner, na tila ang tanging layunin ay sirain ang pagngingilay. Nagdala siya ng alak, ginulo ang iba, at tumangging makilahok. Noong hapon ng Biyernes Santo, umupo kami sa sahig at pinaligiran namin ang isang kandila. Binasa ko ang talinghaga ng Alibughang Anak at inimbitahan silang makipag-usap sa Diyos sa sarili nilang mga salita.

Sa una, tumanggi si Werner. Ngunit maya-maya, isang kaibigan niya ang nagsimulang manalangin nang malakas: “Hesus, hayaan mong maranasan din ito ni Werner—kung gaano kaganda ang makausap ka.” May nagbago. Nagsimulang umiyak si Werner, binuksan ang kanyang mga nakakuyom na kamao, at unti-unting nanalangin sa unang pagkakataon sa kanyang buhay. Pagsapit ng hatinggabi, marami sa kanila ang nanatili

sa kapilya buong gabi—nananalangin, nagbabasa, o tahimik na nakaupo. Naranasan nila ang Pasko ng Muling Pagkabuhay—si Hesus ay buhay sa gitna nila.

Noong umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, lumapit si Werner sa gitna ng kandila, nagsindi ng sarili niyang kandila, at nagsalita. Sa loob ng labinlimang minuto, ibinahagi niya ang kanyang puso, ang kanyang pagbabago. At pagkatapos, ibinigay niya ang kanyang kandila sa kanyang kaibigan: “Kung hindi ka nanalangin para sa akin, hindi ko malalaman na si Hesus ay buhay.” Iyan ang muling pagkabuhay: kapag ang mga puso ay nababago, ang dilim ay nagiging liwanag, ang lungkot ay nagiging kagalakan, ang kapaitan ay nagiging kapayapaan.

Ang muling pagkabuhay ay hindi lamang kuwento ng nakaraan; ito ay buhay sa kasalukuyan. Nangyayari ito sa mga sandali ng pagpapatawad, sa mga gawa ng kabutihan, sa lakas ng loob na manalangin kahit tila mahirap o nakakailang. Bawat pakikipagtagpo sa Muling Nabuhay ay nagbabago sa atin. Bawat gawa ng pag-ibig at awa ay tanda ng bagong buhay na iniaalok ni Kristo.

### **Mga Maikling Kuwento:**

Naalala ko ang isang babae sa isang pagninilay na nawalan ng pag-asa matapos ang isang matinding karamdaman. Sinabi niyang hindi na siya makapanalangin; napakabigat ng kanyang puso. Ngunit sa maliliit na hakbang, sa loob ng pagninilay, nagsimula siyang manalangin nang paunti-unti. Sa huli, nagningning ang kanyang mukha ng kapayapaang matagal na niyang hindi naramdaman.

Ang muling pagkabuhay ay nangyayari kapag ang buhay ng Diyos ay umaabot sa ating sakit.

Isa pang kwento: may isang lalaki sa aking parokya na nagdala ng galit sa loob ng maraming dekada laban sa isang kapamilya. Isang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, tinawagan niya ito, upang sabihin lang na “Pinapatawad na kita.” Ang tawag na iyon ay nagbago ng buhay nila pareho. Ang pagkabuhay muli ay laging personal, laging malapit sa puso, laging isang regalo.

Naalala ko ang burol sa likod ng bahay ng aking lola. Itinuro sa akin ng maputing umagang iyon ang isang mahalagang aral tungkol sa Pasko ng Muling Pagkabuhay: kahit na tila madilim ang mundo, ang liwanag ni Kristo ay sumisikat. Tulad ni Werner, tulad ng babae sa pagninilay, tulad ng lalaking nagpakumbaba at nagpatawad, maaari

nating maranasan ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ngayon—hindi lamang sa isang pista, kundi sa pagbabago ng ating mga puso.

Kaya ngayong araw, habang tayo’y nagdiriwang, hindi ko lamang ninanais sa inyo ang Maligayang Pasko ng Muling Pagkabuhay. Nais ko na inyong maranasan ang Muling Nabuhay na si Kristo, at naway makilala kayo nang personal, at ang inyong puso ay mapanibago. At katulad ng isinulat ni Pablo sa mga taga-Colosas, maaari rin niyang isulat tungkol sa bawat isa sa atin: “Kayo’y muling binuhay kay Kristo.” Amen.

## **PANGALAWANG HOMILIYA 2 – “KAPAG INILIKO NA ANG BATONG HARANG”**

Ilang taon na ang nakalilipas, pagkatapos ng isang malakas na lindol, nag-iikot ang mga kawani ng mga tagapagligtas sa mga guho ng isang bumagsak na gusali. Sa loob ng ilang oras, tanging katahimikan lamang ang maririnig. Karamihan ay akala na walang nakaligtas. Ngunit may isang kawani na nakarinig ng isang malabong tunog. Pinahinto niya ang mga makina. Lahat ay tumahimik. Sa ilalim ng mga kongkreto at mga alikabok, maririnig ang mahina na pag-iyak ng isang bata.

Ang munting tunog na iyon ang nagbago ng lahat. Ang tila lugar ng kamatayan ay biglang naging lugar ng pag-asa. Ang mga kawani ay nagtrabaho na may panibagong lakas. At ilang oras lang ang lumipas, isang batang babae ang nailabas na buhay.

Isang senyales lang ng buhay ang kailangan para simulan ang lahat.

Nagsisimula ang Pasko ng Muling Pagkabuhay sa parehong tahimik na paraan. Walang trumpeta. Walang lindol ang napansin ng buong lungsod. Walang pampublikong palabas. Ang Muling Pagkabuhay ay nangyari sa gabi. Kung walang pumunta sa libingan, walang makakapansin.

Ano kaya ang mangyayari kung nanatili lang sa bahay si Maria Magdalena? Kung sinabi nina Pedro at Juan, “Tapos na. Balik na tayo sa ating pangingisda”? Magaganap pa rin ang Muling Pagkabuhay—ngunit hindi ito matutuklasan.

Ang Muling Pagkabuhay ay nagpapagalaw sa tao.

Si Maria ay hinihimok ng pagmamahal at pananabik. Sina Pedro at ang minamahal na alagad ay tumakbo, na parang nakikipagkarera sa oras. Nais nilang malaman: Kalokohan ba ang sinasabi ng mga babae—o may bago talagang nangyayari?

Madalas ganito ang pakiramdam ng buhay—parang karera laban sa oras.

Dumarating ka sa istasyon habang umaalis na ang tren.

Dumating ka sa ospital pagkatapos lang ng ilang saglit nang huling huminga ang isang mahal sa buhay.

Huli na napagtatanto mo ang isang pagkakaibigan ay lumamig na.

At minsan iniisip natin: Talo na tayo. Huli na. Tapos na ang karera.

Dumating si Pedro sa libingan at nakita ang mga telang lino. Maingat niyang pinagmasdan. Sinuri. Ngunit sa minamahal na alagad, simpleng sinabi: Nakita niya at naniwala.

Ano ang pagkakaiba?

Hindi sa mas matalas na paningin.

Hindi sa mas mahusay na pag-iisip.

Nakita niya gamit ang pusong may pagmamahal.

Ang Muling Pagkabuhay ay hindi maaaring kalkulahin. Hindi ito mahahawakan tulad ng isang bagay. Mapapansin lamang ito ng pusong nakaranas ng dalamhati, pananabik, at pag-ibig.

Si Maria Magdalena ay nakatayo sa labas ng libingan at umiiyak. Naniniwala siyang tapos na ang lahat. At isang salita ang nagbago ng lahat: “Maria.”

Isipin natin ang sandaling iyon. Ang paraan na isang tinig lamang ang makapagsasabi ng iyong pangalan sa isang natatanging paraan. Marahil alam mo ang karanasang iyon: isang ina na tinatawag ang anak; isang matagal nang kaibigan na tumatawag sa iyo; isang taong tunay na nakikita ka.

Nang tawagin siya ni Hesus, nagbukas ang panloob niyang libingan. Nabali ang kanyang paralisis. Naganap ang Muling Pagkabuhay sa kanyang loob.

Mahalaga ito: Ang Muling Pagkabuhay ay hindi tanawing panlabas. Ito ay paggising sa ating kalooban.

Tatlong magkaibang tao—Maria, Pedro, Juan—ay dumating sa pananampalataya sa iba't ibang paraan. Walang iisang daan tungo sa pananampalataya ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Ang Diyos ay nakarating sa bawat puso natin sa kanya-kanyang paraan.

Bumisita ako minsan sa isang matandang lalaki sa isang Ospital para sa matatanda. Namatay ang kanyang asawa sa loob ng animnapung taon. “Wala na,” sabi niya. “Ang bahay, ang upuan sa tabi ko, ang mga umaga.” Ngunit tahimik niyang idinagdag, “Ngunit kapag dumadalaw ang apo ko at tumatawa sa kusina, may muling nabubuhay sa akin.”

Iyon din ay bakas ng Muling Pagkabuhay. Hindi pagtangga sa dalamhati. Ngunit buhay na sumisibol sa gitna ng pagdadalamhati.

Sinasabi ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: Ang bato ay inilipat. Hindi ang kamatayan ang may huling salita. Ngunit kakaiba, sa halip na labis na kagalakan, ang unang reaksiyon sa Ebanghelyo ay kalituhan, pag-aalinlangan, at takot.

Hindi ba ganoon din sa atin?

Takot pa rin tayo sa kamatayan.

Bitbit pa rin natin ang pagkakasala.

Umuurong pa rin tayo sa seguridad at proteksyon sa sarili.

Ngunit ipinapahayag ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: Ang pasaning pagkakasala ay naaalís. Kung binuhay ng Diyos ang Pinatawan ng Krus—na tila isinumpa at natalo—kung gayon ang kasalanan at kabiguan ay hindi ang huling katotohanan tungkol sa atin. Ang pagpapatawad ang huling katotohanan.

At gayunpaman, gaano kadalás natin pinipili ang biktima? Gaano kadalás natin pinanghahawakan ang sama ng loob? Inaanyayahan tayo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay na hayaang mamatay ang luma—ang ating galit, kayabangan, at pangangailangang maging tama—upang may bago na mabuhay.

Laging may kasamang kamatayan ang Muling Pagkabuhay. At masakít ang kamatayan.

Isang babae ang nagsabi sa akin tungkol sa pagpapatawad sa kanyang kapatid na matagal nang hindi nakikipag-usap sa kanya sa loob ng dalawampung taon. “Parang may kailangang mamatay muna sa akin,” sabi niya. “Ang galit ko, ang aking pangangailangan ng katarungan. Ngunit nang pinakawalan ko ito, nakaramdam ako ng ginhawa—parang isang bato ang naalis.”

Iyon ang kapangyarihan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Nanatiling tahimik ang Muling Pagkabuhay. Hindi ito pumipilit. Nangyayari ito kahit saan:

- ang matanda ay inaalagaan nang may pasensya at pagmamahal;
- ang mga bata ay pinapayagang maging bata, malaya sa takot;
- ang mga tao ay nagbabahagi ng tinapay at pasanin;
- may pumipili ng pag-asa kaysa sa pag-aalinlangan.

Buhay si Hesus kung saan may taong naglalakas-loob lumabas sa takot at pumasok sa tiwala.

Sinasabi ng Ebanghelyo na ang mga babae ang unang tagapagdala ng balita. Sa mundong halos wala ang pakinabang ng kanilang patotoo, ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila ang pinakamahalagang balita sa kasaysayan. Gaano kaya kaiba ang mundo kung tunay nating paniniwalaan na pinipili ng Diyos ang mga napapabayaang, minamaliit, at hindi pinapansin.

Lahat ba ay nagbago dahil sa Pasko ng Muling Pagkabuhay? Sa totoo lang, hindi pa. Patuloy ang mga digmaan. Puno ang mga sementeryo. Patuloy ang pag-aalinlangan.

Ngunit isang bagay ang hindi na mababago: Walang laman ang libingan.

Ang imposible ay naging posible. Ang mga nailibing na pag-asa ay muling binuhay. At ang tahimik na pangyayaring iyon sa gabi ay patuloy na kumakalat sa kasaysayan.

Ngunit narito ang tanong: Ang ipinagdiriwang natin ngayon, may epekto ba ito sa ating buhay? O babalik lang tayo sa dati nating gawi?

Hindi nanatili si Maria sa libingan. Pumunta siya at sinabi sa iba.

Hindi nanatili sina Pedro at Juan sa pagsusuri. Nagsimula sila ng paglalakbay na magdadala sa kanila sa dulo ng mundo.

Ang Muling Pagkabuhay ay nagpapalawak. Hindi ito nananatili bilang pribadong aliw. Nakikita ito kung saan pinoprotektahan natin ang buhay, itinataguyod ang katarungan, mapagpatawad, at nililikha ang espasyo para sa Diyos sa ating puso.

Kung hindi, tulad ng sinabi ng isang teologo, tayo'y magiging tagapangalaga lamang ng isang walang lamanang libingan.

Nais kong magtapus sa isa pang kwento.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang simbahan sa maliit na baryo ang nawasak. Pagkatapos ng digmaan, muling itinayo ito ng mga taga-baryo. Sa mga guho, natagpuan nila ang isang sira na rebulto ni Kristo. Ang mga kamay ay ganap nang naputol. May ilan na nais palitan ito ng bago. Ngunit sa huli, napagpasyahan nilang panatilihin ito sa kasalukuyan nitong anyo. At sa ilalim nito, inilagay nila ang isang simpleng inskripsiyon:

“Si Kristo ay walang kamay kundi ang sa atin.”

Nakatayo pa rin ang rebultong ito—walang kamay. Ngunit marahil ito ang huling mensahe ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Ang bato ay inilipat.

Walang laman ang libingan.

Buhay na si Kristo.

At ngayon Siya’y nabubuhay—sa atin.

Kaya ang huling tanong:

Kailan tayo lalakad tungo sa buhay?

Amen.

### **PANGATLONG HOMILIYA 3: “PAGTAKBO TUNGO SA LIBINGANG WALANG LAMAN”**

Ilang taon na ang nakalilipas, isang dalaga ang nagbahagi sa akin ng kwento mula sa kanyang buhay. Nawalan siya ng isang mahal sa buhay, at sa mga sumunod na linggo, madalas siyang naglalakad sa sementeryo malapit sa kanyang tahanan, hinahanap ang pakiramdam ng pagiging malapit sa taong kanyang minahal. Isang umaga, sinabi niya sa akin, dumating siya sa libingan na inaasahan ang karaniwang lungkot, ngunit natagpuan niya ang isang bagay na hindi niya inaasahan: may maliit na grupo ng mga estranghero na nagtipon doon, naglalagay ng bulaklak, nagdarasal, at nagbabahagi ng alaala. Sa sandaling iyon, nakaramdam siya ng di-inaasahan at malalim na aliw, isang mahinahong paalala na ang buhay at pagmamahal ay may paraan upang magpatuloy kahit na tila ang pagkawala ay siyang hantungan. Ito, sa aking palagay, ay sumasalamin sa hiwaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay.

Noong unang umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, pumunta si Maria Magdalena sa libingan ni Hesus na mabigat ang pagdadalamhati sa puso. Nakatayo siya sa paanan ng Krus, at ngayon ay nanduon siya upang magluksa at alagaan ang Kanyang katawan. Inaasahan niya ang lungkot lamang, ang malupit na katotohanan ng kamatayan. Ngunit ang natagpuan niya ay hindi inaasahan: ang batong pangsara ay inilipat, at wala nang laman ang libingan. Sa simula, mabilis ang kanyang isipan sa mga posibleng dahilan—baka ninakaw ang katawan, naisip niya. Ngunit dumating ang mas kahanga-hangang bagay. Sa kanyang pagkasabik, tumakbo siya kay Simon Pedro at sa minamahal na alagad, sumisigaw, “Inalis nila ang Panginoon sa libingan, at hindi namin alam kung saan Siya inilagay!”

Halos nakikita natin sila na tumatakbo, hindi ba? Tumakbo sa gitna ng kalituhan, sa kagyat na pangangailangan, sa hiwaga. Nauna ang minamahal na alagad kay Pedro, at nang sumilip siya sa libingan, “nakita niya at naniwala.” Ang walang laman libingan ay hindi palatandaan ng pagkawala; ito ang unang tanda ng Muling Pagkabuhay. Ang ipinako sa Krus ay naging buhay na muli, ang libingan ng kamatayan ay naging sinapupunan ng bagong buhay.

Naalala ko noong nakipag-usap ako sa isang grupo ng kabataan ilang buwan na ang nakalilipas tungkol sa mga sorpresa sa buhay. Isa ang nagsabi, “Minsan inaasahan ko ang pinakamasama, at hindi ito nangyari—mas maganda pa nga kaysa sa inaasahan ko.” Ang pakiramdam ng kaaya-ayang sorpresa ay nasa puso ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. Inaasahan ni Maria Magdalena ang lungkot; natagpuan niya ang kagalakan. Inaasahan ng mga alagad ang kawalan ng pag-asa; sila ay nabago at naging masayang tagapahayag ng Ebanghelyo.

Ang muling pagkabuhay ay hindi lamang isang pangyayaring pangkasaysayan na dapat hangaan—ito ay buhay na katotohanan na patuloy na gumagalaw sa ating buhay sa kasalukuyan. Bawat isa sa atin ay may sariling Kalbaryo: karanasan ng pagtanggap, pagtataksil, karamdaman, pag-iisa, o pagkawala. Ngunit sinasabi sa atin ng Pasko ng Muling Pagkabuhay na kumikilos ang Diyos upang magdala ng bagong buhay mula sa ating pagdurusang, tulad ng ginawa Niya mula sa libingan. Isa sa aking kaibigan, isang nars, ay nagbahagi kung paano sa panahon ng pandemya ay nakaramdam siya ng labis na pangungulila at pagkatalo sa harap ng kamatayan at pagdurusang. Ngunit, sa maliliit na kilos ng pag-aalaga, sa isang ngiti, sa nakakaaliw na

kamay, nakita niya ang mga patikim ng buhay na muling sumisibol. Ang Pasko ng Pagkabuhay ay laging kumikilos sa mga munting sandali ng pag-asa.

Inaanyayahan din tayo ng Muling Pagkabuhay na maging bukas sa pagbabago. Si Hesus, na binuhay mula sa kamatayan, ay nabago sa katawan at espiritu. Ang mga alagad, na minsang nalungkot at natakot, ay nabago at naging matapang na saksi. Sa daan patungong Emaus, dalawang alagad ang naglakad nang mabigat ang puso, “nakayuko ang mukha.” Nuong makasama nila si Hesus, makausap, at makakain ng tinapay kasama Siya, lamang sila ay nabago. Ang mga hirap ng buhay ay nakapagpahina sa kanilang pag-asa, ngunit ang pagkikita sa buhay na Panginoon ay nagpapanibago sa kanilang puso. Sa ganitong paraan din natin pwedeng maranasan ang pagiiba sa ating sariling buhay, habang nakikilala natin ang Panginoon sa panalangin, sa Eukaristiya, at sa isa’t isa.

Ang Pasko ng Muling Pagkabuhay ay pista rin ng katapatan ng Diyos. Nang mamatay si Hesus, maaaring tila wala ang pag-ibig ng Diyos, ngunit pinatutunayan ng Muling Pagkabuhay ang kabaligtaran. Paalala ni Pablo na wala—kahit ang kamatayan—ang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos. Isipin natin ang sementeryo ng Glasnevin, na may mga tore na itinayo upang bantayan laban sa mga magnanakaw ng libingan. Sa simula, natakot si Maria Magdalena, iniisip na ninakaw ang katawan ni Hesus. Gaano kadalas din nating iniisip ang pinakamasama sa buhay, iniisip natin na iniwan na tayo ng Diyos? Ngunit ipinahahayag ng Pasko ng Muling Pagkabuhay ang kabaligtaran: ang batong pangsara ay inilipat, walang laman ang libingan, at ang pag-ibig ng Diyos ay aktibo at buhay, kahit hindi pa natin ito lubos na nakikita.

Kaya, tulad ni Maria Magdalena, tinatawag tayong tumakbo—hindi sa takot o kawalan ng pag-asa, kundi sa kagalakan at pag-asa. Tinatawag tayong maging saksi sa mapanibagong pag-ibig ng Diyos sa ating pamilya, komunidad, at sa mundo. Pinatutunayan ng Muling Pagkabuhay na hindi ang kamatayan ang may huling salita; hindi ang pagdurusa ang huling kabanata. Ang Panginoon ay para sa atin, dito at ngayon, at lampas pa sa buhay na ito, patungo sa ganap na buhay na walang hanggan.

Naalala ko ang isang maliit na baryo na aking binisita, kung saan sinabi sa akin ng isang magsasaka tungkol sa yumao niyang asawa. Pagkatapos ng kanyang pagkamatay, madalas siyang naglalakad sa bukid, inaasahan lamang ang katahimikan at kawalan. Isang araw, napansin niya ang mga bagong usbong na tumutubo sa lupa

na kanyang inaalagaan ng pagmamahal. Tumawa siya sa kanyang luha, sinasabi, “Kahit sa kamatayan, may paraan ang buhay.” Iyon, sa esensya, ang kwento ng Pasko ng Muling Pagkabuhay: buhay na nagwawagi, pag-ibig na nagtatagal, pagbabago na nangyayari lampas sa ating inaasahan.

Kaya, tumakbo tayo patungo sa walang lamang libingan ng ating sariling buhay kasama si Maria Magdalena, bukas sa mga sorpresa na inihanda ng Diyos. Hayaan natin ang buhay na Panginoon na makilala tayo, baguhin tayo, at ipadala bilang mga saksi ng kagalakan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay. At tandaan natin, gaya ng paalala ni Pablo, na ang inihanda ng Diyos ay higit pa sa anumang nakita ng ating mga mata, narinig ng ating mga tainga, o naisip ng ating mga puso. Nawa’y mapuno ang ating puso ng pag-asa at kagalakan ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, ngayon at magpakailanman. Amen.

### **PAANYAYA SA KREDO**

Ipinahahayag natin ngayon ang ating pananampalataya, hindi bilang isang malayong alaala, kundi bilang isang buhay na pakikipagtagpo sa Muling Nabuhay.

Sumasampalataya tayo sa Diyos ng buhay, kay Hesus, na lumakad sa landas mula sa krus tungo sa Muling Pagkabuhay, at sa Espiritu na nagbibigay sa atin ng lakas upang ibahagi ang kagalakan ng Paskong ito sa buong mundo.

Ipahayag natin nang sama-sama ang ating pananampalataya sa Kanya na nagbibigay ng bagong buhay at pag-asa.

### **ALTERNATIBONG KREDO (para sa pansariling pagninilay lamang)**

Sumasampalataya ako sa Diyos, na siyang Pag-ibig,  
ang Maylikha ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesus, ang kanyang Salita na nagkatawang-tao,  
ang Mesiyas ng mga naghihirap at inaapi,  
na nagpahayag ng Kaharian ng Diyos at ipinako sa krus,  
kaya’t ibinigay—tulad natin—sa kapangyarihan ng kamatayan,  
ngunit sa ikatlong araw ay muling nabuhay  
upang ipagpatuloy ang gawain ng ating pagpapalaya  
hanggang ang Diyos ay maging ganap sa lahat.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo,  
na ginagawa tayong mga katuwang ng Muling Nabuhay,  
mga kapatid ng mga  
nakikibaka at nagdurusa para sa katarungan.

Sumasampalataya ako sa pagkakaisa ng Simbahang Katolika sa buong mundo,  
sa kapatawaran ng mga kasalanan,  
sa kapayapaan sa lupa—na karapat-dapat paghirapan—  
at sa kaganapan ng buhay lampas pa sa ating buhay sa lupang ito. Amen.

### **PAANYAYA SA PANALANGIN SA MGA ALAY**

Kung paanong tumakbo si Maria patungo sa mga alagad at sina Pedro at Juan patungo sa libingan, tayo rin ngayon ay lumapit dala ang mga handog na tinapay at alak, mga tanda ng ating buhay at ating paggawa, na may pagtitiwala na babaguhin ito—at tayo—ng Muling Nabuhay na Panginoon.

Manalangin tayo upang ang ating paghahandog ay maging kalugod-lugod sa Diyos Ama na makapangyarihan sa lahat.

### **PANALANGIN SA MGA ALAY**

Amang mapagmahal magpakailanman, dinala namin sa dambana ang tinapay at alak, mga bunga ng lupa, mga handog ng iyong mabuting nilikha, na hinubog sa pamamagitan ng gawain ng mga kamay ng tao. Sa Iyong salita, si Hesus ay lumalapit sa amin sa anyo ng tinapay at alak.

Kaya, siya para sa atin ang Tinapay ng Buhay at ang Alak ng Kagalakan. Sa gayon, ang Muling Nabuhay ay nagiging tunay na malapit sa atin.

Damhin natin kung paanong ang pagbabahagi ng tinapay at alak ay lumilikha ng pagkakaisa, nag-aalis ng paghihirap at pang-aapi, at nagbibigay ng buhay na kailanma'y hindi maaagaw ng kamatayan.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

### **PANGUNANG PANALANGIN (Pasko ng Muling Pagkabuhay)**

Tunay ngang karapat-dapat at makatarungan,  
ang ating tungkulin at ating kaligtasan,

na sa lahat ng panahon ay purihin Ka, O Panginoon,  
ngunit sa araw na ito higit sa lahat  
ay lalo ka naming luwalhatiin nang ganap  
dahil si Kristo, ang ating Paskuwa, ay naihandog.

Sapagkat Siya ang tinanggihan at ipinako sa krus,  
ngunit sa pamamagitan ng Iyong kapangyarihan ay muling nabuhay.

Pumasok Siya sa katahimikan ng libingan  
at bumalik na may tagumpay,  
tinanggal ang bato ng kawalan ng pag-asa  
at binuksan para sa atin ang mga pintuan ng pag-asa.

Sa Kanya, ang dalamhati ay nagiging kagalakan,  
ang kadiliman ay napapalitan ng liwanag,  
at ang kamatayan ay nagiging daan sa buhay na walang hanggan.

Kaya't sa labis na galak ng Paskuwa,  
ang bawat lupain, bawat bayan ay sumasaya sa Iyong papuri,  
at maging ang makalangit na kapangyarihan, kasama ng mga anghel,  
ay sama-samang umaawit ng walang hanggang himno ng Iyong kaluwalhatian:

**Banal, Banal, Banal...**

## **PANIMULA SA PANALANGIN NG ATING PANGINOON**

Sa unang umaga ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, ang kalituhan ay dahan-dahang  
napalitan ng pagtitiwala, at ang takot ay napalitan ng pananampalataya.

Tayo rin ay nakatayo ngayon sa harap ng misteryo ng walang-lamang libingan.

May pagtitiwala na tayo ay muling nabuhay kasama ni Kristo,  
at may kumpiyansa na ang Ama ay palaging nakikinig sa panalangin ng kanyang mga  
anak,

manalangin tayo nang sama-sama sa mga salitang ibinigay sa atin ng ating

Tagapagligtas:

*(dito ay isasunod ang Ama Namin sa Tagalog)*

## **EMBOLISMO**

Alisin nawa, O Panginoon, ang mga bato na nakakulong sa aming mga puso—  
mga bato ng takot, sama ng loob, at pag-aalinlangan—

upang, kasama ng Iyong Anak,  
mamuhay kami sa kalayaan ng pananampalatayang Muli Niyang Pagkabuhay  
at maging saksi sa Kanyang buhay sa mundo.

Iligtas mo kami, O Panginoon, mula sa lahat ng kasamaan,  
at ipagkaloob nawa ang kapayapaan sa aming mga araw,  
upang sa tulong ng Iyong awa,  
laging malaya kami sa kasalanan at ligtas sa lahat ng kapahamakan,  
habang inaabangan namin ang pinagpalang pag-asa  
at ang pagdating ng aming Tagapagligtas, si Hesukristo.

## **PANALANGIN PARA SA KAPAYAPAN**

Panginoong Hesukristo,  
na muling nabuhay mula sa libingan at nakatayo sa gitna ng Iyong mga alagad,  
iyong binigkas ang salita na nagpakalma sa kanilang takot: “Sumainyo ang  
Kapayapaan.”

Tingnan mo kami, na patuloy na nakikibaka sa pag-aalinlangan, pagkakabahagi, at  
mga sugatang alaala.

Huwag mong tingnan ang aming mga kasalanan, kundi ang pananampalatayang Iyong  
itinanim sa Iyong Simbahan.

Kung saan ang mga puso ay sarado, tanggalin ang bato.

Kung saan ang mga relasyon ay nakabaon sa katahimikan, magbigay ng bagong  
buhay.

Kung saan ang pangamba at kawalang-katiyakan ay bumabalot sa pag-asa,  
hayaan mong sumilay ang liwanag ng Iyong Muling Pagkabuhay.

Ipagkaloob mo nawa ang kapayapaan at pagkakaisa ayon sa Iyong kalooban.  
Na Ikaw ay nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

## **PAANYAYA SA KOMUNYON**

Masdan ang Muling Nabuhay na Panginoon,  
masdan Siya na nagtagumpay sa kamatayan  
at tinatawag tayong makibahagi sa Kanyang buhay.  
Mapalad ang mga tinawag sa hapunan ng Kordero.

## **PANALANGIN PAGKATAPOS MAKATANGAP NG KOMUNYON**

O Diyos ng buhay,  
sa Banal na Sakramento na ito  
ibig mong ipamahagi sa amin ang bahagi sa tagumpay ng Iyong Anak.

Kung paanong nakatagpo ang mga alagad ng walang-lamang libingan  
at dahan-dahang naniwala,  
nawa'y palalimin ng Eukaristiyang ito ang aming pananampalataya  
na kami ay muling nabuhay kasama ni Kristo.

Nawa'y palakasin kami ng Tinapay ng Buhay,  
na magpatawad kung saan ito mahirap,  
umasa kung saan ito tila hindi makatuwiran,  
at magmahal kung saan ang takot ay minsang humadlang sa amin.

Nawa'y magsimula muli sa amin ang Muling Pagkabuhay sa aming araw-araw,  
hanggang sa lubos kaming makibahagi sa kaluwalhatian  
sa Kanya na nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

## **BANAL NA PAGPAPALA SA PASKO NG MULING PAGKABUHAY**

Nawa'y punuin ng Diyos, na nagdala ng buhay mula sa kamatayan, kagalakan mula sa  
dalamhati, at pag-asa mula sa kawalan ng pag-asa, ang inyong mga puso ng liwanag  
ng Muling Nabuhay na Kristo.

Nawa'y ang pag-ibig ng Ama, ang kapangyarihan ng Anak, at ang gabay ng Espiritu  
Santo ay baguhin ang bawat anino sa inyong buhay sa liwanag, bawat takot sa  
tapang, at bawat dalamhati sa kagalakan.

At nawa'y ang pagpapala ng Makapangyarihang Diyos, + ang Ama, + ang Anak, at +  
ang Espiritu Santo, ay sumainyo at manatili sa inyo magpakailanman. Amen.

## **PAGPAPALABAS**

Humayo kayo sa kapayapaan ng Muling Nabuhay na Panginoon, dala ang kagalakan  
ng Pasko ng Muling Pagkabuhay sa bawat sulok ng inyong buhay.

Humayo kayo upang magdala ng pag-asa sa mga pagod, liwanag sa mga nalulungkot,  
at pagmamahal sa lahat ng inyong makakasalamuha.

Aleluya! Si Cristo ay nabuhay!

**Salamat sa Diyos! Aleluya!**

### **PAALAALA**

Walang laman ang libingan—ngunit hindi pa tapos ang kwento.

Ngayong linggo, pansinin kung saan sa inyong buhay kailangan alisin ang bato: isang pakikipag-usap na dapat simulan, kapatawaran na dapat ialay, pag-asa na dapat muling makamit.

Ang Muling Pagkabuhay ay hindi lamang ipinagdiriwang.

Ito ay dapat nating isabuhay.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**